9

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan – Modyul 2: Kahalagahan ng Ekonomiks sa Pang-araw-araw na Pamumuhay




ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Ikasiyam na Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 2: Kahalagahan ng Ekonomiks sa Pang-araw-araw na Pamumuhay**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Ariadne M. Sabellano, Resenita C. Pactol, Coney Vee Alinsa
Manilyn D. Aballe

**Editor:** Mohamar D. Rindo PhD, Nelson S. Lasagas

**Tagasuri:** Alma L. Carbonilla EdD, Ramel P. Cael, EdD

**Tagaguhit:** Al R. Pastor

**Tagalapat:** Diosdado E. Epanto, Jr.

**Tagapamahala:** Dr. Isabelita M. Borres CESO III
Pedro Melchor M. Natividad, PhD, CSEE
Eugenio B. Penales, EdD
Sonia D. Gonzales
Majarani M. Jacinto, EdD, CESO VI
Juliet A. Magallanes, EdD
Florencio R. Caballero DTE
Alma D. Belarmino, EdD

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region IX**
Office Address: Regional Center, Balintawak, Pagadian City
E-mail Address: region9@deped.gov.ph

9

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan – Modyul 2: Kahalagahan ng Ekonomiks sa Pang-araw-araw na Pamumuhay

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Araling Panlipunan-9 ng *Alternative Delivery Mode* (ADM) Modyul para sa araling Kahalagahan ng Ekonomiks sa Pang-araw-araw na Pamumuhay!

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

***Mga Tala para sa Guro***

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Araling Panlipunan-9 ng *Alternative Delivery Mode* (ADM) Modyul ukol sa Kahalagahan ng Ekonomiks sa Pang-araw-araw na Pamumuhay!

Ang kamay ay madalas gamiting simbolo ng kakayahan, aksyon at layunin. Sa pamamagitan ng ating mga kamay tayo ay maaaring matuto, lumikha, at magsakatuparan ng gawain. Ang kamay sa tulong-aral na ito ay sumisimbolo na ikaw, bilang isang mag-aaral, ay may angking kakayahang matutuhan ang mga kaugnay na kompetensi at kasanayan. Ang iyong pang-akademikong tagumpay ay nakasalalay sa iyong sarili o sa iyong mga kamay.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | | |
|---|---|---|
|  | ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
|  | ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
|  | ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
|  | ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
|  | ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
|  | ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |

| | |
|---|---|
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong sa iyong mga magulang, sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

# Alamin

| PAMANTAYAN SA PAGKATUTO | |
|---|---|
| **Pamantayang Pangnilalaman** | **Pamantayang Pagganap** |
| Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa mga pangunahing konsepto ng Ekonomiks pangunahing konsepto ng Ekonomiks bilang batayan ng matalino at maunlad na pang-araw-araw na pamumuhay. | Naisasabuhay ang pag-unawa sa mga pangunahing konsepto ng Ekonomiks pangunahing konsepto ng Ekonomiks bilang batayan ng matalino at maunlad na pang-araw-araw na pamumuhay. |

**Mga Nilalaman (Paksa/Aralin)**

1. Kahalagahan ng Ekonomiks sa Pang-araw-araw na Pamumuhay

**Mga Pamantayan sa Pagkatuto**

Pagkatapos mapag-aralan ang modyul na ito, ang mag-aaral ay inaasahang:

1. Natataya ang kahalagahan ng ekonomiks sa pang-araw-araw na pamumuhay ng bawat pamilya at ng lipunan.

Bahagi na ng buhay ng tao ang pagdedesisyon mula sa mga simpleng bagay hanggang sa komplikadong sitwasyon. Araw-araw, gumagawa ang tao ng pagpapasya at pagpili kung alin sa kanyang mga pinagpipilian ang mahalaga at kapaki-pakinabang. Gumagawa ng mga pagpapasya ang mga tao dahil marami ang kanilang pangangailangan at walang katapusan ang kanilang kagustuhan ngunit limitado lamang ang pinagkukunang-yaman.

Ang gawaing ito ng tao ay may kaugnayan sa ekonomiks mula sa pagpili niya sa kung anong produkto ang kanyang bibilhin patungo sa serbisyong kanyang kukunin. Higit pa sa pagtugon ng pangangailangan at kagustuhan, ang pag-aaral sa ekonomiks ay may malaking maitulong sa bawat tao. Kaugnay nito, ano nga ba ang ekonomiks? Ano ang kaugnayan nito sa pang-araw-araw na buhay ng tao?

Sa pagtatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang makapaglalapat ng kahulugan ng ekonomiks sa pang-araw-araw na pamumuhay bilang isang mag-aaral at kasapi ng pamilya at lipunan. Gayun din ay iyong matataya ang kahalagahan ng ekonomiks sa pang-araw-araw na pamumuhay.



# Subukin

## Panimulang Gawain: Paunang Pagtataya

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang bawat pangungusap at piliin ang tamang titik na tumutukoy sa tamang kasagutan. Isulat sa sagutang papel ang mga sagot.

1. Anong sangay ng Agham Panlipunan ang nag-aaral kung paano matutugunan ng mga tao ang kanilang pangangailangan at kagustuhan kahit limitado lamang ang pinagkukunang-yaman?
   a. Antropolohiya
   b. Ekonomiks
   c. Heograpiya
   d. Sosyolohiya
2. Sa pag-aaral ng ekonomiks, pangunahing batayan nito ang suliranin ng kakapusan. Bakit nararanasan natin ang kakapusan?
   a. Ito ay dahil sa hindi tamang paggamit ng likas na yaman
   b. Ito ay dahil sa masyadong malaki ang populasyon at kaunti lang ang pinagkukunang-yaman
   c. Ito ay dahil sa mapaminsalang kalamidad na nararanasan
   d. Ito ay dahil sa walang katapusang pangangailangan at kagustuhan ng mga tao kahit limitado ang pinagkukunang-yaman
3. Mas pinili ni Fiona na mag-aral ng kanyang leksyon sa ekonomiks kaysa sa manood ng KDrama ng mga oras na iyon. Anong salik ng matalinong pagdedesisyon ang tumutukoy sa sitwasyon?
   a. *Incentives*
   b. *Marginal Thinking*
   c. *Opportunity Cost*
   d. *Trade-off*
4. Ngayong nasa Grade 9 na si Mergie ay lalo pa siyang ginanahang mag-aral ng mabuti upang makakuha ng *average grade* na 90 pataas dahil sa pangakong mamahaling *cellphone* ng kanyang mga magulang. Aling salik ng matalinong pagdedesisyon ang inilalarawan sa sitwasyon?
   a. *Incentives*
   b. *Marginal Thinking*
   c. *Opportunity Cost*
   d. *Trade-off*
5. Nakaugalian na ni Ardie na pag-isipan muna nang mabuti ang pagdesisyon sa isang bagay kung ito ba may pakinabang sa kanya o wala. Ang ginagawa ni Ardie ay isang halimbawa ng anong konsepto ng matalinong pagdedesisyon?
   a. *Incentives*
   b. *Marginal Thinking*
   c. *Opportunity Cost*
   d. *Trade-off*

6. Kahit masama ang pakiramdam ni Ariel ay pinilit pa rin niyang pumasok sa paaralan dahil nanghihinayang siya sa maaari niyang matutunan na leksyon. Ang sitwasyon ay isang halimbawa ng aling konsepto ng matalinong pagdedesisyon?
   a. *Incentives*
   b. *Marginal Thinking*
   c. *Opportunity Cost*
   d. *Trade-off*

7. Ang suliranin sa kakapusan ay bahagi na ng buhay ng tao. Para maiwasan ang paglala ng suliraning ito, kailangang magdesisyon ang lipunan batay sa apat na pangunahing katanungan pang-ekonomiko. Ang "tradisyunal na paraan o paggamit ng teknolohiya" ay sumasagot sa aling katanungang pang-ekonomiko?
   a. Anu-anong produkto o serbisyo ang gagawin?
   b. Paano gagawin ang naturang produkto at serbisyo?
   c. Para kanino gagawin ang mga produkto at serbisyo?
   d. Gaano karami ang gagawing produkto at serbisyo?

8. Bilang isang mag-aaral, bakit mahalagang pag-aralan mo ang ekonomiks?
   a. Ito ay dahil sa magagamit mo ang iyong kaalaman sa paghahanap ng trabaho sa hinaharap.
   b. Ito ay dahil sa makatutulong ito upang maintindihan mo ang kalakaran sa ekonomiya.
   c. Ito ay dahil sa makatutulong ito upang mahubog ang iyong pag-unawa, ugali at gawi na magagamit mo para sa iyong kinabukasan at paghahanap-buhay sa hinaharap.
   d. Ito ay dahil sa magagamit mo ito upang matulungan ang iyong pamilya sa pagdedesisyon ng mga bagay-bagay sa araw-araw.

9. Bilang bahagi ng lipunan, paano makatutulong ang pag-aaral ng ekonomiks?
   a. Nagagamit ang kaalaman sa pag-unawa ng napapanahong isyu sa politika.
   b. Nakatutulong ito upang maintindihan ang mga mahahalagang usaping pang-ekonomiya.
   c. Nauunawan mo kung bakit maraming tao ang nagnenegosyo.
   d. Naiintindihan mo ang sistema ng paghahanap-buhay, paggasta at pag-iimpok.

10. Masaya si Lydia sa kanyang napiling baonan dahil maliban sa ito ay maganda at mura, *eco-friendly* pa. Ang sitwasyon na ito ay isang halimbawa ng anong konsepto ng matalinong pagdedesisyon?
   a. *Incentives*
   b. *Marginal Thinking*
   c. *Opportunity Cost*
   d. *Trade-off*

# Aralin 1 Kahalagahan ng Ekonomiks sa Pang-araw-araw na Pamumuhay



## Balikan

### Gawain 1: Isip – Isip!

Panuto: Suriin ang larawan. Bigyan ito ng sariling interpretasyon.



***Pamprosesong Tanong***

1. Ano ang ipinakita sa larawan?
2. Nakaranas ka na ba ng kahalintulad na sitwasyon? Ipaliwanag.
3. Paano ka gumagawa ng desisyon sa isang sitwasyon na kailangan mong pumili?



# Tuklasin

## Gawain 2: *Which is which?*

Panuto: Suriin ang bawat aytem sa una at ikalawang kolum. Pagpasyahan kung ano ang pipiliin mo sa Option A at B. Isulat sa ikatlong kolum ang iyong desisyon at sa ikaapat na kolum ang dahilan ng iyong naging pasya. Ilagay sa buong sagutang papel ang iyong sagot.

| *Option A* | *Option B* | Desisyon | Dahilan |
|---|---|---|---|
| Paglalakad papunta Sa paaralan | Pagsakay ng *jeep o tricycle* papunta sa paaralan | | |
| Paglalaro ng ML | Pagpasok sa klase | | |
| Pananaliksik sa aklatan | Pamamasyal sa parke | | |
| Panonood ng KDrama | Paggawa ng takdang-aralin | | |

**Pamprosesong Tanong**

1. Bakit kailangang isaalang-alang ang mga pagpipilian sa paggawa ng desisyon?
2. Ano ang naging batayan mo sa iyong ginawang desisyon? Naging makatuwiran ka ba sa iyong pasya?



# Suriin

Sa parteng ito ng modyul, ay iyong lilinangin ang mga kaisipan/kaalamang tutulong sa iyo upang higit na maintindihan ang paksang-aralin. Dito tinitiyak na ikaw ay maihahanda upang tiyak ang mga pang-unawa sa mga impormasyong kinakailangan malinang. Sa bahaging ito ay magkakaroon ka ng karagdagang mahahalagang ideya sa ekonomiks. Inaasahang magagabayan ka ng mga inihandang babasahin at gawain upang masagot mo kung ano ang kahalagahan ng ekonomiks sa pang-araw-araw na pamumuhay ng bawat pamilya at ng lipunan.

## KAHALAGAHAN NG EKONOMIKS

Mahalaga ang pag-aaral ng ekonomiks sapagkat makatutulong ito sa mabuting pamamahala at pagbuo ng matalinong desisyon. Malaki ang maitutulong nito sa iyo bilang mag-aaral at kasapi ng pamilya at lipunan.

Bilang bahagi ng lipunan, magagamit mo ang kaalaman sa ekonomiks upang maunawaan ang mga napapanahong isyu na may kaugnayan sa mahahalagang usaping ekonomiko ng bansa. Maaari mo ding maunawaan ang mga batas at programang ipinatutupad ng pamahalaan na may kaugnayan sa pagpapaunlad ng ekonomiya.

Maaari mo ding magamit ang kaalaman sa ekonomiks sa pag-unawa sa mga desisyon mula sa mga pamimilian na mayroon ang pamilyang iyong kinabibilangan. Sa mga isyu tungkol sa pag-aaral, pagkita, paglilibang, paggasta, at pagtugon sa pangangailangan at kagustuhan ay maaari mong magamit ang kaalaman sa alokasyon at pamamahala. Ang iyong kaalaman ay makatutulong upang makapagbigay ka ng makatuwirang opinyon tungkol sa mahahalagang pagdedesisyon ng iyong pamilya.

Bilang isang mag-aaral ay maaaring maging higit na matalino, mapanuri, at mapagtanong sa mga nangyayari sa iyong kapaligiran. Maaari din itong humubog sa iyong pag-unawa, ugali, at gawi sa pamaraang makatutulong sa iyong pagdedesisyon para sa kinabukasan at paghahanapbuhay sa hinaharap.


**Pamprosesong Tanong:**

1. Ano ang kahalagahan ng ekonomiks?
2. Bakit dapat matutuhan ng isang mag-aaral ang ekonomiks at ano ang kaugnayan nito sa paggawa ng desisyon?

## Pagyamanin

### Gawain 3: Word Web

Panuto: Isa-isahin ang kahalagahan ng pag-aaral ng ekonomiks batay sa gampanin ng isang tao. Isulat ang sagot sa sagutang papel.




## Isaisip

**Mga mahahalagang kaalaman na dapat tandaan:**

1. Ang ekonomiks ay nagmula sa salitang oikonomia na ang ibig sabihin ay "pamamahala ng sambahayan."
2. Ang ekonomiks ay isang pag-aaral kung paano ipamahagi at pagkasyahin ang limitadong pinagkukunang-yaman sa dami ng pangangailangan at kagustuhan ng mga tao.
3. Marami ang pagkakatulad ng sambahayan at pamayanan sa aspektong ekonomiya.
4. Ang sambahayan ay gumagawa ng desisyon kung paano hahatiin ang limitadong *resources* sa maraming pangangailangan at kagustuhan.

5. Ang pamayanan ay kailangang gumawa ng desisyon kung ano-anong produkto at serbisyo ang gagawin, paano gagawin, para kanino, at gaano karami ang gagawin.
6. Sa paggawa ng matalinong desisyon, mahalagang isaalang-alang at suriin ang trade-off, opportunity cost, incentive at marginalism ng mga pamimilian o choices.
7. Mahalagang pag-aralan ang ekonomiks dahil ang mga kaalamang matutunan mo rito ay makakatulong sa iyong pagdedesisyon para sa kinabukasan at paghahanapbuhay sa hinaharap.




# *Isagawa*

## Gawain 3: Gamitin Mo!

Panuto: Pag-isipan ang sitwasyon: Ikaw ay sinabihan ng iyong mga magulang na hindi ka na nila kayang pag-aralin pa sa kolehiyo. Ano ang gagawin mo? Titigil ka na lang ba sa pag-aaral at maghanap ng trabaho o gagawa ka ng paraan para makapag-aral sa kolehiyo? Ipaliwanag ang iyong sagot sa isang sanaysay gamit ang iyong kaalaman sa mga konsepto, kahulugan at kahalagahan ng ekonomiks. Isulat ang sanaysay sa isang buong papel.

| Rubrik sa Pagbibigay Ng Marka | | | | |
|---|---|---|---|---|
| KRITERYA | 4 | 3 | 2 | 1 |
| Kaalaman sa Paksa | Ang pangunahing kaalaman ay nailahad at naibigay ang kahalagahan. | Ang mga pangunahing kaalaman ay nailahad subalit hindi wasto ang ilan. | Hindi lahat ng pangunahing kaalaman ay nailahad | Ang pangunahing kaalaman ay hindi nailahad at natalakay. |
| Organisasyon | Organisado ang mga paksa at maayos ang presentasyon. | Organisado ang paksa subalit hindi maayos ang presentasyon. | Hindi masyadong organisado ang paksa at presentasyon | Hindi organisado ang paksa at presentasyon |



# Tayahin

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang bawat pangungusap at piliin ang tamang titik na tumutukoy sa tamang kasagutan. Isulat sa sagutang papel ang mga sagot.

1. Anong sangay ng Agham Panlipunan ang nag-aaral kung paano matutugunan ng mga tao ang kanilang pangangailangan at kagustuhan kahit limitado lamang ang pinagkukunang-yaman?
   a. Antropolohiya
   b. Ekonomiks
   c. Heograpiya
   d. Sosyolohiya

2. Sa pag-aaral ng ekonomiks, pangunahing batayan nito ang suliranin ng kakapusan. Bakit nararanasan natin ang kakapusan?
   a. Ito ay dahil sa hindi tamang paggamit ng likas na yaman
   b. Ito ay dahil sa masyadong malaki ang populasyon at konti lang ang pinagkukunang-yaman
   c. Ito ay dahil sa mapaminsalang kalamidad na nararanasan
   d. Ito ay dahil sa walang katapusang pangangailangan at kagustuhan ng mga tao kahit limitado ang pinagkukunang-yaman

3. Bilang bahagi ng lipunan, paano makatutulong ang pag-aaral ng ekonomiks?
   a. Nagagamit ang kaalaman sa pag-unawa ng napapanahong isyu sa politika.
   b. Nakatutulong ito upang maintindihan ang mga mahahalagang usaping pang-ekonomiya.
   c. Nauunawan mo kung bakit maraming tao ang nagnenegosyo.
   d. Naiintindihan mo ang sistema ng paghahanap-buhay, paggasta at pag-iimpok.

4. Masaya si Lydia sa kanyang napiling baunan dahil maliban sa ito ay maganda at mura, *eco-friendly* pa. Ang sitwasyon na ito ay isang halimbawa ng anong konsepto ng matalinong pagdedesisyon?
   a. *Incentives*
   b. *Marginal Thinking*
   c. *Opportunity Cost*
   d. *Trade-off*

5. Mas pinili ni Fiona na mag-aral ng kanyang leksyon sa ekonomiks kaysa sa manood ng KDrama ng mga oras na iyon. Anong salik ng matalinong pagdedesisyon ang tumutukoy sa sitwasyon?
   a. *Incentives*
   b. *Marginal Thinking*
   c. *Opportunity Cost*
   d. *Trade-off*

6. Ngayong nasa Grade 9 na si Mergie ay lalo pa siyang ginanahang mag-aral ng mabuti upang makakuha ng *average grade* na 90 pataas dahil sa pangakong mamahaling *cellphone* ng kanyang mga magulang. Aling salik ng matalinong pagdedesisyon ang inilalarawan sa sitwasyon?

    a. *Incentives*
    b. *Marginal Thinking*
    c. *Opportunity Cost*
    d. *Trade-off*

7. Ang suliranin sa kakapusan ay bahagi na ng buhay ng tao. Para maiwasan ang paglala ng suliraning ito, kailangang magdesisyon ang lipunan batay sa apat na pangunahing katanungan pang-ekonomiko. Ang "tradisyunal na paraan o paggamit ng teknolohiya" ay sumasagot sa aling katanungang pang-ekonomiko?

    a. Anu-anong produkto o serbisyo ang gagawin?
    b. Paano gagawin ang naturang produkto at serbisyo?
    c. Para kanino gagawin ang mga produkto at serbisyo?
    d. Gaano karami ang gagawing produkto at serbisyo?

8. Bilang isang mag-aaral, bakit mahalagang pag-aralan mo ang ekonomiks?

    a. Ito ay dahil sa magagamit mo ang iyong kaalaman sa paghahanap ng trabaho sa hinaharap.
    b. Ito ay dahil sa makatutulong ito upang maintindihan mo ang kalakaran sa ekonomiya.
    c. Ito ay dahil sa makatutulong ito upang mahubog ang iyong pag-unawa, ugali at gawi na magagamit mo para sa iyong kinabukasan at paghahanap-buhay sa hinaharap.
    d. Ito ay dahil sa magagamit mo ito upang matulungan ang iyong pamilya sa pagdedesisyon ng mga bagay-bagay sa araw-araw.

9. Nakaugalian na ni Ardie na pag-isipan muna nang mabuti ang pagdesisyon sa isang bagay kung ito ba may pakinabang sa kanya o wala. Ang ginagawa ni Ardie ay isang halimbawa ng anong konsepto ng matalinong pagdedesisyon?

    a. *Incentives*
    b. *Marginal Thinking*
    c. *Opportunity Cost*
    d. *Trade-off*

10. Kahit masama ang pakiramdam ni Ariel ay pinilit pa rin niyang pumasok sa paaralan dahil nanghihinayang siya sa maari niyang matutunan na leksyon. Ang sitwasyon ay isang halimbawa ng aling konsepto ng matalinong pagdedesisyon?

    a. *Incentives*
    b. *Marginal Thinking*
    c. *Opportunity Cost*
    d. *Trade-off*

## *Karagdagang Gawain*

### Gawain 4: *Interview Portion*

Panuto: Gumawa ng interview sa mga angkop na tao sa iyong pamamahay batay sa kanilang gampanin. Itanong mo sa kanila kung paano nakatulong ang kaalaman nila sa ekonomiks sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay. Alamin kung madalas ba nilang ginagamit ang konsepto ng *trade-off*, *opportunity cost*, *incentive* at *marginalism* sa paggawa ng desisyon.

| Taong Tatanungin | Mga Sagot |
|---|---|
| Ama (bilang isang mamamayan sa lipunan) | |
| Ina (bilang isang miyembro ng pamilya) | |
| Kapatid (bilang isang mag-aaral | |

| **RUBRIK sa Pagmamarka** | | | | |
|---|---|---|---|---|
| KRITERYA | 4 | 3 | 2 | 1 |
| Kaalaman sa Paksa | Ang pangunahing kaalaman ay nailahad at naibigay ang kahalagahan. | Ang mga pangunahing kaalaman ay nailahad subalit hindi wasto ang ilan. | Hindi lahat ng pangunahing kaalaman ay nailahad | Ang pangunahing kaalaman ay hindi nailahad at natalakay. |
| Organisasyon | Organisado ang mga paksa at maayos ang presentasyon. | Organisado ang paksa subalit hindi maayos ang presentasyon. | Hindi masyadong organisado ang paksa at presentasyon | Hindi organisado ang paksa at presentasyon |

# *Susi Sa Pagwawasto*

Panimulang Pagtataya

1. B
2. D
3. D
4. A
5. B
6. C
7. B
8. C
9. B
10. B

Panghuling Pagtataya

1. B
2. D
3. B
4. B
5. D
6. A
7. B
8. C
9. B
10. C

# *Mga Sanggunian*


Mga Aklat

1. Balitao, Bernard, Martiniano Buising, Edward Garcia, Apollo De Guzman, Juanito Lumibao, Jr. Alex Mateo, & Irene Mondejar, I. *Ekonomiks: Araling Panlipunan Modyul para sa Mag-aaral*. Unang Edisyon. Pilipinas: Vibal Group, Inc., 2015
2. Case, K., Ray A. Fair, & Sharon Oster. *Principles of Economics*. 10th Edition. Boston, MA: Prentice Hall, 2012
3. Mankiw, N. Gregory. *Principles of Economics*. 3rd Edition. New York, USA: The Dryden Press, 1997
4. Viloria, Evelina, N., Rillo, J. & Lim, A. *Ekonomiks: Batayang Aklat para sa Ikaapat na Taon*. Quezon Citiy: SD Publication, 2000

Mga pinagkunan ng larawan

1. https://storage.needpix.com/rsynced_images/globalisation-1706081_1280.jpg
2. https://upload.wikimedia.org/wikipedia/commons/d/d3/Business_and_Economics_Barnstar_Hires.png
3. https://c1.wallpaperflare.com/preview/381/822/336/boutique-shopping-clothing-exhibition-dresses.jpg Retrieved on May 21, 200
4. https://live.staticflickr.com/ 6143/5988282787_4fedd11dba_b.jpg Retrieved on May 18, 2020
5. https://p1.pxfuel.com/preview/ 613/441/258/black-business- cell-cellphone-cellular- communication.jpg Retrieved on May 18, 2020
6. https://cdn.pixabay.com/photo/2018/ 05/09/15/28/question-3385451_960_720.jpg Retrieved on May 18, 2020

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph